# Puting Van

***Ralph Vincent Mendoza***
*Manila Bulletin*
*mendozaralphvincent88@gmail.com*

*Victory ball* ng *St. Vincent College*. Mula sa mga naglalakihang *speaker*, kumalat sa buong *Balagtas Sports Complex* ang kantang *Eye of the Tiger* ng *Survivor*. Sa gitna ng bulwagan na nagsisilbing *dance floor*, naroon ang mga estudyanteng nagkakasiyahan. Sumasayaw. Wala silang espisipikong galaw kahit isa lang naman ang tugtog. Bawat isa, nagpapamalas ng iba't ibang *steps*: budots, *nae-nae*, *moonwalk*, *cha-cha*, *robot*, at *krumping*. Walang pakialam ang iba maski parehong kaliwa ang kanilang mga paa.

Sa isang sulok, matamlay na nakaupo si Patricia. Nakahalukipkip at panay ang hikab. Ngayon lang siya nawalan ng gana sa mga ganitong klaseng kasiyahan. Kung hindi lang magbibigay ang *professor* nila sa *Teaching Profession* ng dagdag *points* para sa mga dumalo ngayon, hindi talaga siya mag-aabalang pumunta.

Hanggang ngayon, hindi pa rin matanggap ni Patricia ang pagkatalo ng *team* nila sa *volleyball*. Buo ang paniniwala niya na dinaya sila nung *semi-finals*/. Mula sa *team* ng kalaban ang naglilista ng *official score* sa papel nung araw na nangyari ang kompetisyon sa pagitan ng *College of Teacher Education (CTE)* at *College of Bussiness Administration (CBA)*. Nang mahalata nila na laging hindi nagtutugma ang *score* na inililista sa *board* at papel, umalma

sila. Ba't daw pinag-iiskor ang mula sa kalaban. Na agad namang dinepensahan ni Mrs. Veran, ang *student council adviser* na *announcer* nung araw na 'yun.

"*You do not have to worry*. *As long as I'm here*, hindi kayo madadaya," malumanay na sabi ni Mrs. Veran.

Hindi sila kumbinsido sa katwiran nito. Dahil hindi naman lingid sa kaalaman ng marami na ka-*close* ng *student council adviser* ang estudyanteng *scorer*—ang buong *CBA*. Sa huli, hindi na nakipagtalo pa ang buong *team*. Hinayaan na lang nila. Laro lang naman daw 'yun, sabi ng *captain ball*. Pero kay Patricia, hindi lang basta laro 'yun.

Huhugutin sana ni Patricia ang kanyang *cellphone* sa kanyang *sling bag* nang maramdaman niyang may palad na sumampa sa kanyang balikat. Agad niyang iniangat ang ulo dahil sa gulat. Sa pamamagitan ng kulay berdeng ilaw na tumama sa mukha ng babaeng lumapit, nakilala niya ito. *Best friend* niya. Si Rona.

"Tara, beh. Aantukin ka niyan, sige ka."

Ngumiti siya nang tipid sa kaibigan at saka umiling nang todo. Hindi na siya pinilit pa. Natanaw na lang niya ang kaibigan na unti-unti nang sumasama sa pulutong ng mga estudyante. Nakigulo. Nakisaya. Bumuo sila ng hanay, nagkapit-kapit sa balikat. Parang tren sila na lumibot sa *dance floor* habang hinahaluan ng sigaw ang musikang ibinubuga ng mga naglalakihang *speaker*.

Para hindi makaramdam ng inggit at inip, itinuloy ni Patricia ang pagkuha ng *cellphone* sa kanyang *sling bag*. Gusto niyang panindigan ang pagiging malungkot at mapag-isa ngayong gabi. Binuksan niya ang *mobile data*. *Notification* agad ang una niyang tiningnan pagkabukas ng *Facebook app* para alamin kung ilan na ang *heart reaction* ng retrato niyang naka-*sports bra*. Apatnapu't anim pa lang. May dalawa pang bobo na nag-haha. Dismayado na naman siya sa resulta ng kanyang pinagpuyatan kagabi. Inabot siya ng ala-una ng madaling araw sa pagreretoke niyon. Gandang-ganda siya. Tapos ngayon, kalahating araw na simula nung ipaskil niya ang naturang *picture*,

ni wala pang isandaan ang *heart reaction*. Malabo na yatang maging kagaya niya sina Jonathan at Natasha, mga kaklase niya noon na *social media stars* na ngayon.

Sinilip ni Patricia ang laman ng kanyang *newsfeed*. Halos malunod ang mata niya sa bumabahang *post* tungkol sa puting *van* na gumagala umano at kumukuha ng mga estudyante sa iba't ibang rehiyon, partikular sa Calabarzon at NCR. Lumutang na rin naman ang mga *post* tungkol dito nung mga nakaraang araw pero paisa-isa lang. Hindi tulad ngayon, sunod-sunod. Naka-ilang *refresh* na siya, iyu't iyun ang laging lumalabas. Binasa niya ang isa sa mga *post*:

"MAG-INGAT PO ANG LAHAT! Isang PUTING VAN ang nangunguha ng studyante sa Batasan Hills Q.C. Isang studyante ng BHNHS ang nakatalon sa putin van na di umano ay inaya siyang ihatid sa school pero sa iba dinaan. SAKSI PO AKO SA PANGYAYARI."

Napalitan na ng romantiko ang *rock* na musikang tumutugtog kanina. Kumalat ang malamyos na boses ni Moira Dela Torre sa buong paligid. Pati ang sari-saring kulay ng *disco light*, naging kulay pula na lahat. Kasabay ng tilian, parang dagat na nahati ang kumpulan ng mga estudyanteng nasa *dance floor*. Nagkanya-kanya na ng upo sa *monobloc* na bangko ang mga estudyante sabay punas ng towel sa kanilang pawisang katawan. Ang mga lalaking may kasintahan at may pinopormahan, inayos ang sarili at ipinanligo ang baong pabango. Saka nilapitan ang mga babaeng natitipuhan nilang isayaw. Naasiwa si Patricia. Lalo na nang wala man lang lumapit sa kanya para isayaw siya.

"Kokorni n'yo," bulong niya. At saka siya lumabas para magpahangin at kumain. Pero pagdating sa tarangkahan ng *Balagtas*, hinarang siya ng *student council* na naka-gwardiya doon.

"Di nga kasi pwede, ate," mariing sabi ng lalaki. "Kaya nga kayo pinagdala ng pagkain para di na kayo magpalabas-labas."

Dahil sa *polo shirt* na *uniform* ng mga *student council* na may pangalang nakatatak sa kaliwang bahagi ng kanilang dibdib, nakilala niya ang lalaking mataba: si Ralph.

"E, hindi nga ako nakapagdala. Nakalimutan ko," naiiritang sabi niya.

Napatawa ang lalaki bago nagsalita. "Aba, e, kasalanan mo na 'yun. Wala na akong magagawa diyan. Hindi naman kami nagkulang ng paaala."

Ibinagsak ni Patricia ang balikat at matalim na tumingin kay Ralph. Babalik na sana siya sa kanyang upuan. Pero may nahagip silang usapan sa katabing tarangkahan, sa *entrance*. Nakiusyoso muna silang dalawa.

"Ano po bang sabi ni Jennifer bago siya umalis? Dito daw po ba talaga siya pupunta?" tanong ng *student council* sa nagpakilalang ina ni Jennifer. Kevin ang pangalan ng lalaking bantay base sa pangalang nakalagay sa bahaging dibdib ng *polo shirt* nito.

"Oo, meron pa nga siyang ibinigay sa 'king papel, e. Pirmahan ko daw," sagot ng ginang.

Sa ikalawang pagkakataon, sa pamamagitan ng daliring binasa ng laway, isa-isa muling binuklat ni Kevin ang mga pahina ng *log book* at ang pumpon ng *parental consent* na kinolekta nila sa bawat estudyante bago pumasok sa *Balagtas*. Pero wala talaga ang pangalan ni Jennifer sa *log book*. Pati ang *parental consent*, wala.

Biglang may lumapit na *co-officer* kay Kevin.

"Wala daw tol, e," sabi ng bagong dating. "Hindi umattend sabi nung *secretary* nila."

"Diyos ko! Sa'n na kaya nagpunta ang batang 'yun?"

Bago pa man makabalik si Ralph sa pwesto nito, muling rumehistro sa isip ni Patricia ang pakay niya. Bumwelo siya at saka mabilis na nilagpasan ang tarangkahan na binabantayan ni Ralph. Huli na para masita pa siya ng matabang binata. Nakatakbo na siya papalayo sa *Balagtas*.

***

Kahit malayo sa *Balagtas*, sa *Dimsum* kumain si Patricia dahil paborito niya ang *siomai*. Ilang araw na rin simula nung huli siyang kumain nito. Tatlong *shark's fin* at isang kanin ang inorder niya. Di naman siya malakas kumain. Para sa kanya, sapat nang magkaroon ng laman ang sikmura. Kasi, *at the end of the day*, itatae rin naman ng tao ang sobra-sobra niyang kinain. At isa pa, meron siyang *body goal* na gustong matupad ngayong taon.

Matatapos nang kumain si Patricia nang biglang magsidatingan ang apat na babae sa *Dimsum*. Napabaling ang atensyon niya sa isang umupo sa tabi niya. Sinilip niya ang mukha ng babae. Maganda. Mestisa. Kulay ginto ang buhok. Nakasuot ng puting *off-shoulder* at maong. Teka, parang pamilyar sa kanya. Tama, si Natasha nga! Kaklase niya nung *elementary* na ngayon ay *social media star* na. Medyo na-*star struck* siya lalo na nung malanghap ng ilong niya ang mamahaling pabangong iwiniwisik ni Natasha sa katawan. Hindi niya mapigilang suyurin nang tingin ang malaporselanang kutis nito. Napatunayan niyang higit palang maganda si Natasha sa personal.

Kasagsagan ng *Musically* at *Dubsmash* nang maging matunog ang pangalan ni Natasha. At ngayon na isa na itong kolehiyala sa isang *university* sa Lucena lalo pang pinagpyestahan—partikular ng mga lalaki—ang mga *TikTok video* na ipinapaskil nito sa kanyang *Facebook account*. Litaw na litaw kasi sa mga *video* ang alindog ng dalaga sa mga suot nitong *mini-skirt*, *sports bra*, *fitted* na *sando*, o *oversize t-shirt* na tenernuhan ng *dolphin shorts*. Dahil sa mabilis na paglago ng *followers*, *likes*, at *shares*, gumawa na ito ng *YouTube Channel* nung isang buwan para kumita doon ng pera.

Mabilis na binawi ni Patricia ang tingin kay Natasha nang mapansing tatapunan din siya nito ng tingin. Hindi bumuka ang bibig ni Natasha para siya ay batiin o kausapin. Ganun yata talaga kapag nasa rurok ng kasikatan ang isang tao, di makakilala. Biglang nagkakaroon ng *amnesia*. Pero bakit naman niya aasahan na kakausapin siya ni Natasha? Sino ba siya? Wala namang ugnayang naitawid sa pagitan nilang dalawa nung nasa *elementary* sila. Tatlong taon lang niya itong naging kaklase. Nang sumunod na taon, napalipat na sa ibang *section*. At sa loob ng tatlong taong 'yun, wala siyang gaanong malinaw na aalala na naging *close* sila; na nagkwentuhan at

naglaro sila. Ang pinakanatatandaan lang ni Patricia, humiran sa kanya si Natasha ng *Mongol 2* noong *National Achievement Test*. Na hindi naman nito naibalik. Na malamang, limot na rin naman nito ngayon.

Naglakad-lakad muna si Patricia pagkatapos kumain. Nagpahindag at nagpahangin. Ayaw niya munang bumalik sa *Balagtas*. Bukod sa nababagot siya, naaalala rin niya ang pagkatalo ng kanilang *team* kapag nandun siya. Lalo na kapag nakikita niya si Mrs. Veran. Kumukulo ang dugo niya. Parang anumang oras, hindi siya makakagawa ng maganda. Gusto niyang sabunutan ang matandang bruha.

Dinala siya ng kanyang mga paa sa *seawall*. Sa lugar kung saan nakakaramdam siya ng kaginahawaan at kapayapaan. Dito siya umiyak nung nalaman niyang niloko pala siya ng kanyang dating kasintahan; dito siya naglabas ng sama ng loob sa tatay niya nung iwan sila nito ng nanay niya; at, dito—kasama ang *best friend* niyang si Rona—dito sila gabi-gabing tumatambay nung lumayas siya sa kanila dahil pinagtangkaan siyang gahasain ng lolo niya. Dahil ang lugar na 'to, ang paulit-ulit na nagpapaalala sa kanya na masarap pa ring mabuhay; na maganda pa rin ang mundo sa kabila ng lahat.

Lumipas ang isa at dalawang oras. Lumalalim na ang gabi at dagat. Lumiliwanag lalo ang buwan at lumalakas ang hampas ng alon. Naampiyasan na si Patricia ng tubig-alat kaya nagdesisyon siyang maglakad-lakad na lang muna ulit. Ayaw niyang umuwi kaagad sa kanila dahil wala rin naman siyang gagawin doon. Lalo lang siyang maiinip. Buti pa rito, nakakapamasyal siya kahit papaano. Pakiramdam niya, isa siyang *independent woman*. Saka wala na palang *last trip* ang mga *tricycle* na bumibyahe pa-San Rafael, ang barangay kung saan siya nakatira. Alas-onse na ng gabi. Kaya tahimik na ang paligid. Kaya halos wala nang tao sa kalsada. Kapag ganito, kina Rona na lang siya nakikitulog.

Habang naglalakad pabalik sa *Balagtas*, may humintong puting *van* sa di kalayuan. May tatlong lalaking bumaba. Naglakad papunta sa kabilang kanto ng kalsada. Nagpatuloy si Patricia sa paglalakad. Pero agad ding napahinto nang mahagip muli ng kanyang mata ang isa sa tatlong lalaki kanina. Panay ang lingon. Parang may kung anong iniinspeksyon. Buong

pagtatakang sumiksik si Patricia sa dilim; sa bahagi na alam niyang hindi siya makikita; sa matabang poste na walang ilaw. Maya-maya lang, nakita na niya ang dalawang lalaki. May akay na tao. Kahit madilim, pinilit niyang tanawin ang inaakay ng dalawang lalaki. Parang babae ang akay dahil mahaba ang buhok. Nakayukyok ang ulo. Binuksan ng lalaking palingon-lingon kanina ang pinto ng puting *van*. Ipinasok ang babaeng akay nila. At nang magsimulang tumunog ang makina ng humarurot na *van*, bigla siyang natauhan.

***

Kumaripas ng takbo si Patricia papuntang *Balagtas* bitbit ang takot na umahon sa kanyang dibdib. Hinanap ng kanyang mata si Rona. Pero wala na ang mga estudyanteng nagkakasiyahan. Ilang *student council* na lamang ang naroon. Katatapos lang magligpit. Nilapitan siya ni Ralph.

"Mukhang nakainan mo lahat ng karinderya dito sa bayan, a," natatawang sabi sa kanya ng lalaki.

"Nasa'n si Rona?"

"Kanina pa umuwi. Masakit daw ang ulo."

Magtatanong pa sana si Patricia kay Ralph kung may *update* na kay Jennifer—sa estudyanteng hinahanap kanina ng magulang. Pero natanaw niya si Mrs. Veran na papalapit sa kanila ni Ralph. Umahon ang nakahimlay na poot sa kanyang dibdib na humalo sa nararamdaman niyang takot. Nagdesisyon siyang umalis na lang.

Sa daan, napa-*paranoid* na si Patricia. Ayaw niyang sumakay ng *tricycle* papunta kina Rona. Baka ang masakyan pa niyang *tricycle* ay kasabwat din ng mga puting *van*. Mahirap makatakas sa ganung sitwasyon. Pero sabagay, pwede naman siyang tumalon habang umaandar nang mabilis ang *tricycle*. 'Yun nga lang, baka di na siya makalakad kinabukasan. Kaya para mas ligtas, lakad-takbo na lang ang kanyang ginawa. Pinakiramdaman ang paligid. Sa ganitong paraan, mas maririnig ang sigaw niya kung sakaling

biglang may ibang tao na humabol sa kanya. Pwedeng-pwede rin niyang katukin ang bawat madadaanang bahay.

Humihingal siyang huminto sa *7-Eleven* na katapat ng munisipyo. Nakita niya ang isang batang gusgusin na pilit humihingi ng pagkain sa nanay nitong humihikab. Naupo muna siya doon nang ilang minuto. Nang maramdaman ang panunuyo ng lalamunan, pumasok siya sa nasabing tindahan. Mabuti't marami pang tao. Medyo nabawasan ang takot niya. Kumuha siya ng *Gatorade* sa malaking *refrigerator*. Saka sumalang sa *counter*.

"Me *reward card* po kayo, ma'am?" tanong ng *cashier*.

Umiling siya.

"Hi, Jonathan," maharot na bati ng isang babae na humila sa pinto ng *7-Eleven* kahit ang nakalagay na *instruction* doon ay *push*.

Naintriga si Patricia kung sino ang binati ng babae. Lumingon siya sa bahaging hulihan ng pila. At tama nga ang kanyang hinala. Ang Jonathan na tinutukoy ng babae ay si Jonathan na kaklase niya nung *junior high school*.

Isang kilalang sakristan si Jonathan. Sa tuwing pumapasok ito sa *school* noon, *close neck lagi* ang *polo* nito at laging nakasabit sa leeg ang kwintas na may *pendant* na krus. Kung may pumapangalawa man kay Natasha sa pagiging *social media star* dito sa Atimonan, si Jonathan 'yun. Kahit hindi maihahanay sa mga lalaking tinatawag na gwapo, nakakuha pa rin ng mga tagasubaybay si Jonathan dahil *inspirational message* ang madalas na *content* ng *vlog* nito. Tuwing may mga estudyante na nahihirapan sa kanilang *thesis*, *assignments*, o *projects*; tuwing may batang inaabuso dahil pinaghuhugas ng gabundok na mga plato, kaldero, kaserola, at kawali na ang kapal-kapal pa ng sebo; tuwing may kabataan na nababasagan ng puso dahil sa mapaglarong kasintahan, *to the rescue* palagi si Jonathan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga mapagkalingang mensahe.

Bagaman *preachy* at bumabanggit ng *Bible verses*, hindi nakakabagot pakinggan si Jonathan. Kumakalas ang binata sa paraan ng pagsasalita ng isang tipikal na mensahero ng Diyos: mabagal, malumanay, mahinahon,

*archaic*. Sa madaling salita, nakakaantok. Ito kasing si Jonathan, medyo mabilis magsalita. Parang nagra-rap. May sigla. May *humor*. May iba't ibang gimik. Hindi baduy pakinggan dahil kontemporaryo ang wikang ginagamit.

Bago lumabas ng *7-Eleven*, muling tinapunan ni Patricia ng tingin si Jonathan. At mukhang nakilala siya nito. Lumabas ang mga sungking ngipin ng binata nang ngumiti ito sa kanya. Di katulad ni Natasha na di man lang kumaway o bumati. Ni ha ni ho, wala. Bilang ganti, ibinigay ni Patricia ang pinakamatamis niyang ngiti kay Jonathan bago itulak ang pinto ng *7-Eleven*.

***

Nasa kwarto na ni Rona si Patricia. Mahimbing nang natutulog ang kanyang matalik na kaibigan. Halatang natulog na kaagad ito pagkauwing-pagkauwi kanina. Ni hindi na nga napalitan pa ang suot na uniporme. Ilang gabi rin kasing puyat si Rona sa pag-aasikaso ng *victory ball*. At siya ang isa sa mga buhay na saksi sa pagiging matiyaga at masipag na tao ni Rona. Hindi pa man napapatalsik ang *incompetent* na presidente ng *student council*, si Rona na talaga ang sumasalo sa mga responsibilidad na ang gumagawa dapat ay ang mga nasa mas mataas na posisyon.

Ang nanay ni Rona ang nagbukas ng pinto nung marating ni Patricia ang bahay ng kaibigan. Nag-aalinlangan pa nga siyang kumatok. Sarado na kasi ang ilaw ng buong bahay. Mukhang natutulog na rin ang ginang. Pero wala na siyang pagpipilian. Kung hindi niya kakapalan ang mukha, baka sa malamig na kalsada siya matulog ngayong gabi.

"Kanina pa tulog. Akyat ka na lang sa taas," sabi sa kanya ng nanay ni Rona. Pagkatapos, iniwan na siya sa sala para bumalik na ulit sa kwarto nito.

Sinuklay niya ng daliri ang buhok ng kaibigan habang sinusuyod ng tingin ang maamong mukha nito. Inalala niya ang mga pinagsamahan nilang dalawa; kung gaano siya kapalad na nakilala niya ito. Nagpapasalamat pa rin siya sa Diyos na kahit hindi siya nabigyan ng maayos na pamilya, nagkaroon naman siya ng mabuting kaibigan.

Bago niya tinabihan si Rona sa kama, hinubad muna ni Patricia ang suot na *bra* dahil komportable siyang matulog nang ganun. Ilang ulit niyang sinubukang pumikit. Nagtalukbong na rin siya ng kumot. Pero di niya magawang makatulog. Ramdam pa rin niya hanggang ngayon ang takot. Hindi maalis sa isip niya ang nakita; ang posibilidad na si Jennifer ang babaeng kinuha ng puting *van* kanina.

Sa pag-aakalang maililihis ng *Facebook* sa ibang bagay ang kanyang isip, bumangon siya sa kama. Kinuha niya ang *cellphone* sa *sling bag* na ipinatong niya kanina sa *study table* ni Rona. Ngunit ganun pa rin ang laman ng kanyang *newsfeed*. Puro pahayag ng mga *netizen* tungkol sa nakita nilang puting *van* na gumagala umano sa kani-kanilang lugar.

Tumipa siya para mag-*post*:

"To all atimonanin out there, MAG-INGAT PO TAYUNG LHAT. may puting van na rin pong gumagala dito. isa po sa mga estudyante ng ST. VINCENT COLLEGE ang kinuha ng putting van. SAKSI AKO SA PANGYAYARI."

***

Pagkauwi ni Patricia sa kanilang bahay, biglang nawala ang takot na naramdaman niya nang makita ang lumalagong bilang ng *likes* at *reactions* mula sa ipinaskil niyang *status* kagabi. Halos tatlong libo na ang nagbabahagi niyon.

*Instant celebrity* siya pagpasok niya kanina. Nagsilapitan ang mga estudyanteng mula sa iba't ibang kurso para usisain siya; kumpirmahin kung totoo nga ba talaga ang naturang *post*. May mga nagulat. May mga natakot. May mga nag-alala. May mga nag-alinlangan. Pero ang pinakamahalaga, makalipas ang ilang taong pagbibilad at pagbababad ng sarili sa *Facebook*, natupad din ang pangarap niya na magkaroon ng lampas isanlibong *likes* at *reactions* ang kahit isa sa mga *post* niya. Pakiramdam ni Patricia, kahanay niya na rin sina Jonathan at Natasha. Hindi na siya gaanong naiinggit sa dalawa. At sana, ito na ang simula para makilala siya hindi lang sa Atimonan kundi pati sa iba pang panig ng Pilipinas. Naiisip nga niya na kung

suswertuhin, kung loloobin ng tadhana, baka mainterbyu pa siya ni Jessica Soho para itampok sa *KMJS*.

Sa sobrang dami ng mga na-*accommodate* niyang tanong, sa sobrang dami niyang nakakwentuhan, nakalimutan niya na hindi pa nga pala niya nasasagutan ang *assignment* niya sa *Mathematics in the Modern World*. Kukunin na sana niya ang *notebook* sa kanyang *sling bag* pero saktong dating naman ng striktong *professor* nila na madalas mamahiya kung pabaya at patanga-tanga ang estudyante. Hindi malaman ni Patricia ang gagawin. Lalo siyang ginapangan ng kaba nang tawagin ang pangalan niya para i-*solve* sa *blackboard* ang *problem* sa *item number 3*. Naluluha-luha na siya. Gusto niya munang matunaw. Gusto niya munang kainin ng lupa. Palihim na sana siyang manghihiram ng *notebook* sa kanyang kaklase nang biglang may magsalita mula sa pintuan ng kanilang *classroom*.

"*Excuse me* po, ma'am," napaangat ng ulo si Patricia para alamin kung kanino nagmula ang pamilyar na boses, kay Ralph. "Pinapatawag po si Ms. Marquez ni Mrs. Veran."

***

"Mali lahat ng espekulasyon mo. Walang nawawala. Si Jennifer, 'yung akala mong kinuha ng puting *van*, pumunta ng bertdeyan. Doon nag-*happy-happy*. Andaming nag-*panic* dahil sa *post* mo. Pati munisipyo, nagtatanong. Kayo talagang mga kabataan, di nag-iisip. Kainaman kayo! Ano? Gusto mo lang makatulong? Nag-alala ka? Gusto mong magbigay ng *awareness*? Sana sa mga *authority* ka lumapit. Tingnan mo ang naging resulta ng ginawa mo. Lumikha ka ng takot. *You spread fake news!* Pati pangalan ng *school* dinamay mo. Ganyan ka ba talaga ka-*impulsive* para hindi ma-*distinguish* kung ano ang totoo sa hindi? Para kang di nag-aaral!"

Lalong naging kasuklam-suklam ang gumuguhit na imahen ni Mrs. Veran sa utak ni Patricia. Hanggang ngayon, kahit wala na siya sa opisina ng *student council*, paulit-ulit pa rin niyang naririnig ang panenermon nito kanya. Hanggang ngayon, ramdam na ramdam pa rin niya ang panliliit habang nakatingin sa kanya ang mga taong nasa loob ng opisina. Mula sa mga *officer* na naroon hanggang sa mga guro. Kung alam lang niya na mas

masaklap ang sasapitin niya kay Mrs. Veran, mas pinili na lang niya sanang i-*solve* sa *blackboard* ang *problem* sa *item number 3*.

Pagkatapos ng huling klase ni Patricia, dito na siya dumiretso sa *seawall*. Hindi na siya naghapunan sa *Dimsum*. Nakayuko siyang naglakad palabas ng *St. Vincent*. Nagmamadali. Ayaw niyang madikitan ng tingin na may halong pamamahiya at pandidiri. Sising-sisi siya sa ginawa. Pagkatapos siyang kausapin ni Mrs. Veran, binura niya kaagad ang *post* na nagbigay ng dumi at dungis sa kanyang pagkatao. Kung bakit ba naman kasi hindi niya ikinonsidera ang mga posibilidad: na baka nga kinasangkapan lang ni Jennifer ang *victory ball* para makadalo sa personal na lakad nito. Na baka ang babaeng ipinasok sa puting *van* ay lasing lang kaya nakayukyok ang ulo. O kaya ay nawalan ng malay at kinailangang isugod sa ospital. Na baka wala talagang kinalaman si Jennifer sa babaeng isinakay sa puting van. Na baka nga hindi pagbibigay ng *awareness* ang totoong pakay ng mga taong nagpo-*post* tungkol sa puting *van*.

Tumingala si Patricia sa langit. Madilim. Naaninaw niya ang ilang ulap. Nakita niya ang sarili sa mga ito. Kagaya niya, may bigat ding dinadala. May gusto ring ibuhos. Malakas ang hangin kaya naaangihan siya ng ampiyas mula sa mararahas na hampas ng alon sa *seawall*. Nakayakap siya sa sarili pero di niya magawang umalis sa kinatatayuan kahit medyo malamig. Para kasing may hatid na sensasyon sa katawan ang bawat ampiyas ng alon.

Kanina bago ang uwian, narinig niya ang usap-usapan na may paparating daw na *super typhoon*. Pinag-iingat ang lahat. Nasa ganun siyang pag-iisip nang biglang mag-*ring* ang kaniyang *cellphone*. Si Rona, tumatawag. Pinindot lang niya ang *end button*. Ayaw niya munang kausapin ang kaibigan. Hindi nga niya ito matingnan sa opisina kanina. Hiyang-hiya talaga siya.

Bago niya i-*off* ang *cellphone*, nakita niya ang oras. Bente minutos na lang, alas-dyes na. Kaya pala tahimik na ang paligid. Kaya pala paunti na nang paunti ang tao sa kalsada. Nagpasya na siyang maglakad papunta sa paradahan ng mga *tricycle* na bumibyahe pa-San Rafael. Baka maiwan pa siya ng *last trip*. Mahirap na. Wala siyang matutulugan.

Tatawid na sana siya sa kabilang kalsada pero biglang may humintong *van* sa harap niya. Kulay itim. Bumaba ang tatlong maskuladong lalaki na naka-itim na *t-shirt*. May mga itim na *bonnet* sa mukha. Mabilis na ipinantakip sa ilong at bibig niya ang panyong nasa palad ng isang lalaki. Sinubukan niyang pumalag ngunit huli na. Masyadong mabilis ang pangyayari. Naisakay na siya sa loob ng itim na *van*. Sa pamamagitan ng munting ilaw, nabigyan siya ng pagkakataon na kilalanin ang pamilyar na mukha ng dalawang katawan na walang malay kahit lumalabo na ang kanyang paningin.

"Jonathan? Natasha?" sabi niya sa isip bago tuluyang tumalab ang nakakahilong amoy sa panyong ipinantakip kanina sa kanyang ilong at bibig.

Sa labas, kumulog nang malakas. Nagbabala ang kalangitan—sa pagdating ng unos.

---

*Kasalukuyang content producer si **Ralph Vincent V. Mendoza** sa pahayagang Balita na bahagi ng Manila Bulletin. Nagtapos siya sa Leon Guinto Memorial College, Inc. sa ilalim ng programang Bachelor of Secondary Education Major in Filipino. Naging fellow siya sa Luntiang Palihan 2023: The DLSU Young Writers' Workshop in Local Languages. Mababasa ang kaniyang mga akda sa mga sumusunod na publikasyon: The Reflective Practitioner Volume 6, Rappler, Vox Populi PH, Aksyon: Dagli ng mga Eksenang Buhay, Balintuna: Mga Kwentong Kakatwa, at Lakbay: Mga Tulang Lagalag. Ang kaniyang mga personal na sanaysay ay nakatanggap ng pagkilala mula sa kauna-unahang Gawad Rene O. Villanueva at sa Gawad Pilantik 2022.*